# LITERASIYA KAPAG WALA NANG PASOK SA PAARALAN:

## Mga Ideya sa Pagsuporta ng Pag-aaral sa Bahay



Kapag wala sa paaralan ang mga bata, mahalagang magsanay pa rin sa mga kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat upang naaayon sila at handang matuto kapag nagsimula muli ang paaralan. Matutulungan ng mga kakayahan sa literasiya na mas mabuting maunawaan at makipagkomunika sa mundong nakapaligid sa kanila, itinatakda sila para sa tagumpay sa paaralan at buhay. Ang mga magulang at mga caregiver ay maaaring humikayat sa mga bata na bumuo ng literasiya sa pamamagitan ng simple at masasayang aktibidad. Ang literasiya sa bahay ay oportunidad para hikayatin ang mga batang maging malikhain sila man ay nagbabasa ng libro, gumagawa ng proyektong sining, naglalaro ng games, gumagawa ng pelikula o nagkukuwento ng istorya sa pamilya at mga kaibigan.



1. IHAGIS ANG DICE PARA GUMAWANG KUWENTO
2. MGA PAGHAMONG PAREHONG TUNOG AT SALITA
3. SABIHIN ANG SARILI MONG KUWENTO
4. GAWING SA IYO ANG ISANG KUWENTO

Ang tip sheet na ito ay nagbibigay ng apat na praktikal na ideya para suportahan ang literasiya sa bahay. Ang bawat isa sa mga ideyang ito ay:


- Nakatuon sa bata at hindi nangangailangan ng maraming trabaho para sa mga magulang o caregiver
- Hinihikayat ang mga batang galugarin ang mga sarili nilang interes
- Mauulit, gamit ang magkakaibang paksa sa magkakaibang araw
- Low- o no-tech
- Nagbibigay ng mga opsyonal na link sa karagdagang mga libreng dulugan, kung may access ka sa smartphone o computer

POLICY STUDIES ASSOCIATES


SF DEPARTMENT OF CHILDREN YOUTH & THEIR FAMILIES

# 1 IHAGIS ANG DICE PARA GUMAWANG KUWENTO

**STEP 1:** ***GUMAWA NG DICE!*** Makakagawa ang anak mo ng story dice sa paggawa ng cube mula sa papel. Bago i-tape nang magkasama ang cube (na flat pa rin ang papel), magpadrowing sa anak mo ng ibang imahe, halimbawa, isang bagay, at hayop, paboritong pagkain) sa bawat parisukat. Pagkatapos, i-tape nang magkasama ang mga gilid para gumawa ng cube. Gumawa ng mas madami pa sa isang dice para magkaroon ng mas marami pang opsiyon sa kuwento!



**STEP 2:** ***Gumawa ng kuwento!*** I-roll ang dice at makita kung anong imahe ang lumabas. Magsulat ng ilang pangungusap at gumuhit ng litrato para simulan ang kuwento mo. Pagkatapos ay i-roll muli ang dice para patuloy na magdagdag sa kuwento mo. Isipin ang tungkol sa kung paano gumawa ng mga masasayang koneksiyon sa pagitan ng mga naiimahe na lalabas sa dice.



Isipin ang paggawa ng simula, gitna at dulo para ikonekta ang mga bahagi ng kuwento.

- » Paano nagsisimula ang kuwento? "Noong unang panahon..."
- » Paano nagpapatuloy ang kuwento? "Pagkatapos..."
- » Paano magtatapos ang kuwento? "Wakas."

**OPSYON 1:** Gumawa ng malaki gamit ang mga walang lamang kartong kahon! Magdrowing o magdikit ng litrato sa bawat gilid ng kahon, at mag-roll at bumuo ng tore mula sa kahon para "basahin" ang kuwento mula sa itaas pababa.

**OPSYON 2:** Matapos mag-roll ng dice at magsulat ng kuwento, gawin itong isang performance! Maikukuwento ng anak mo muli ang kuwento sa iyo o sa ilang manonood sa tahanan niyo o gumawa ng home video ng kuwento nila.

*Mula sa Free Library of Philadelphia's Literacy Enrichment Afterschool Program (LEAP)*

## 2 MGA PAGHAMONG PAREHONG TUNOG AT SALITA

Gawing masaya ang literasiya gamit ang ilang batay sa literasiyang paghamon para sa anak mo. Halimbawa:

Ang aliterasyon ay kapag ang mga salita ay nagsisimula sa parehong tunog—tulad ng “sneaky” at “snake.” Hamunin ang anak mong:

**LEBEL 1:** Magsabi ng kasing daming salita na kaya nila na nagsisimula sa partikula na tunog (o letra)

**LEBEL 2:** Magsulat ng mga pangungusap kung saan ang bawat salita ay nagsisimula sa parehong tunog (o letra)

*Para sa dagdag na paghamon, magtakda ng oras—nang kasing tagal o bilis na gusto mo!—at makita kung matatalo nila ang sarili nilang record. Gamitin ang salita gamit ang alpabeto sa pagtuon sa ibang tunog sa bawat araw.*



Ang parehong tunof ay kapag ang mga salita ay nagtatapos sa parehong tunog—tulad ng “blue” at “shoe.” Makakagawa ang mga bata ng sarili din nilang parehong tunog!

**LEBEL 1:** Pumili ng salita – o papiliin ng salita ang anak mo—at hingan sila ng maraming salita hangga’t maaari na katunog ng salitang iyon.

**LEBEL 2:** Batay sa listahan ng mga magkakatunog na salita, magsulat ng tula, kanta o rap.

*Para sa mas marami pang ideya tulad nito, tingnan ang www.ReadingRockets.org. Nagbibigay ang Reading Rockets ng mga ideya para matulungan ang mga batang magbasa, mga payo sa magulang sa 11 wika, at kumukunekta sa mga dulugan sa PBS at sa YouTube.*


# 3 SABIHIN ANG SARILI MONG KUWENTO

Ang mga bata ay mga likas na nagkukuwento ng istorya at gusto nilang ibahagi ang mga ideya at kuwento nila. Pakuwentuhin ang anak mo tungkol sa bagay na gusto nila o interesado sila—maaaring ito ay tungkol sa kanilang pamilya, kanilang kapitbahayan o paksa na nais nilang mas galugarin pa.

Una, hikayatin ang anak mong maghanap ng inspirasyon para sa kuwento nila. Halimbawa, maaaring ito ay larawan, litrato sa magasin, isang bagay sa tahanan mo, o senaryo sa labas ng kanilang bintana.

Pagkatapos, sabihin sa anak mong:

- Mag-brainstorm ng mga ideya ng kuwento
- Planuhin ang kuwento gamit ang mga salita at/o mga litrato
- Ikuwento sa iyo ang istorya!



**OPSYON 1:** Gumawa ng komiks para sa kuwento

**OPSYON 2:** Gumawa ng pelikula para sa kuwento sa telepono mo o tablet

Ipa-isip sa anak mo ang:

**MGA CHARACTER:**

- Tungkol kanino ang kuwento?
- Sino pa ang nasa kuwento?
- Ano ang tungkol sa kanila?

**SETTING:**

- Saan nagaganap ang kuwentong ito?
- Kailan ito nagaganap?

**PLOT:**

- Ano ang nangyayari sa simula, gitna at dulo ng kuwento?

*Para sa mas marami pang ideya, nagbibigay ang www.readwritethink.org ng libreng materyales sa pagbabasa at sining ng wika sa mga tagapagturo at mga pamilya, sa pamamagitan ng pakikipagsosyo sa pagitan ng International Literacy Association at ng National Council of Teachers of English, na may suporta mula sa Verizon Foundation.*

POLICY STUDIES ASSOCIATES

SF DEPARTMENT OF CHILDREN YOUTH & THEIR FAMILIES

# 4 GAWING SA IYO ANG ISANG KUWENTO

Nagsasanay ang mga bata ng mga kakayahan sa komprehensiyon sa pagbabasa tulad ng pagkilala sa pangunahing ideya o gumawa ng mga prediksiyon tuwing nagbabasa sila o nakikinig sa kuwento, artikulo o libro.

Papiliin ang anak mo ng kuwento o artikulo na interesado sila. Habang nagbabasa kayo ng anak mo—o habang mag-isang nagbabasa ang anak mo—pahintuin sila sa gitna at magtanong:



## PANGUNAHING IDEYA:

***Sa palagay mo, tungkol saan ang kuwentong ito?***

## PAGHUHULA:

***Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari?***

Pagkatapos, maging malikhain at ipasabi sa anak mo ang sarili niyang pagtatapos ng kuwento!

***Para sa mas marami pang ideya at access sa mga libreng kuwento at mga libro:***

*Ang **Story Mentors**, isang programa ng Barbara Bush Foundation for Family Literacy, ay may libreng library ng mga libro para sa mga bata sa mga antas ng pagbabasa at mga at-home guide para sa mga magulang (https://storymentors.org)*

*Ang programang **READS**, na ginawa sa Harvard University, ay may mga libreng pagbabasang aktibidad na dinesenyo para magamit ng mga pamilya (www.readslab.org).*

*Ang **Storyline Online** ay nag-i-stream ng mga libreng video ng mga actor na malakas na nagbabasa ng mga libro ng mga bata, na may mga caption para makasabay ang mga bata sa pagbabasa (www.storylineonline.net).*

*An **Unite for Literacy** (www.uniteforliteracy.com) ay may mga libro sa maraming paksa para sa mga bata sa lahat ng antas ng pagbabasa. Makakasabay ang mga bata sa pagbabasa sa libro habang malakas itong binabasa, kasama ang Ingles, Espanyol, Arabo, Tsino, Tagalog, Somali at mga ibang wika.*

*Makakapakinig ka sa mas maraming kuwento at libro sa **Audible** (https://stories.audible.com/start-listen), kasama ang Espanyol at Tsino.*

POLICY STUDIES ASSOCIATES

SF DEPARTMENT OF CHILDREN YOUTH & THEIR FAMILIES